



**KAHILINGAN PARA SA PAG-RELEASE NG PERSONAL NA ARI-ARIAN NG PUMANAW**

**PANGALAN NG PUMANAW:**

**CASE # NG CORONER:**

**PAG-RELEASE NG PERSONAL NA ARI-ARIAN NG PUMANAW:** Alinsunod sa Probate Code 330, maaaring ihatid ng Coroner ang tangible na personal na ari-arian ng pumanaw na nasa kamay ng Coroner sa nabubuhay pang asawa ng pumanaw, kamag-anak ng pumanaw, o conservator o tagapag-alaga ng estate ng pumanaw na kumikilos ayon sa naturang kapasidad sa oras ng pagkamatay. Gayunpaman, ang naturang ari-arian ay hindi ihatid kung alam ng Coroner o kung may dahilan ang Coroner upang paniwalaan na may hindi pagkakaunawaan sa karapatan sa pagmamay-ari ng ari-arian. Ang ginagawa ng Coroner na paghahatid ng ari-arian ay hindi tumutukoy sa pagmamay-ari ng ari-arian o naggagawad ng anumang karapatan sa ari-arian na nakahihigit sa karapatang maaaring mayroon ang tagatanggap at hindi ito humahadlang sa mga paglilitis para sa pagkontrol sa estate ng pumanaw. Ang Coroner ay hindi mananagot para sa pagkawala o pagkasira sa ari-arian na dulot ng tao kung kanino inihatid ang ari-arian.

**KAHILINGAN PARA SA PAG-RELEASE NG ARI-ARIAN AT MGA PAGPAPATUNAY:** Ayon sa iniaatas ng Seksyon 330 ng Probate Code, sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinapatunayan mong ikaw ay isang nabubuhay pang asawa, kamag-anak, conservator o tagapag-alaga ng estate na kumikilos ayon sa kapasidad sa oras ng pagkamatay. Pinapatunayan mo rin na ikaw ay may karapatang magmay-ari ng ari-arian ng pumanaw na nasa kustodiya ng Coroner, at walang hindi pagkakaunawaan sa karapatan sa pag-aari ng naturang ari-arian. Sa ilalim ng parusa ng perjury, inihahayag mo na walang ibang tao na may nakatataas na karapatan sa inilalarawang ari-arian na nasa interes ng pumanaw. Hinihiling mo na i-release sa iyo ang ari-arian ng pumanaw, o na i-release ito sa isang taong itinalaga mo (tulad ng direktor ng burol o morge) ayon sa sumusunod:

Pangalan ng Humihiling na Partido (Naka-print)	Address, Lungsod, Estado, Zip	Telepono
Lagda	Kaugnayan sa Pumanaw	Petsa ng Paglagda

I-release ang ari-arian sa sumusunod na tao o entidad:

**PARA LANG SA PAGGAMIT NG CORONER**

**PAGBERIPIKA SA PAGKAKAKILANLAN NG TAONG HUMIHILING NG PAG-RELEASE:** Ayon sa iniaatas ng Probate Code 330, ang taong humihiling ng pag-release ng ari-arian ng pumanaw ay nagbigay ng sumusunod na makatuwirang katibayan ng status at pagkakakilanlan (alinsunod sa Probate Code 13104 (d):

1. Isang driver's license o identification card sa California, o Pasaporte ng United States na napapanahon o na ibinigay sa loob ng nakalipas na limang taon.
2. Alinman sa mga sumusunod na dokumento kung napapanahon o ibinigay sa loob ng nakalipas na 5 taon at naglalaman ng larawan at paglalarawan ng tao na may pangalang nakasaad dito, nilagdaan ng tao, at may serial o iba pang numero ng pagkakakilanlan: (a) isang pasaporteng ibinigay ng ibang bansa na may stamp ng United States Bureau of Immigration and Customs Enforcement; (b) isang driver's license o identification card na ibinigay ng ibang Estado; o (c) isang identification card na ibinigay ng anumang branch ng militar ng United States.
3. Isang sertipiko ng pagkilala ng notaryo publiko na tumutukoy sa taong sumasagot ng form ng pag-release na ito. (Maglakip ng kopya)

\_\_\_\_\_ (Uri ng ID, Nagbigay na Entidad, at Numero ng Pagkakakilanlan)

Nagbeberipikang Empleyado ng Coroner	Titulo	Petsa
--------------------------------------	--------	-------

INI-RELEASE ANG ARI-ARIAN KAY:	Naka-print na Pangalan	Lagda	Petsa
--------------------------------	------------------------	-------	-------

